

KONTAK

SUPPORTANG LINYA	1800 857 221
EMAIL	btaa@shout.org.au
WEBSITE	btaa.org.au
LIHAM	BTAA PO Box 717 Mawson ACT 2607
FACEBOOK	Brain Tumour Alliance Australia
LINKEDIN	btaa.org.au
TWITTER	@BrainTumourAA

MAG-AMBAG

www.btaa.org.au/donations (agarang resibo)

DIREKTANG DEBIT BSB: 062 900
Account: 1060 3153
Email btaa@shout.org.au
para sa resibo sa buwis.

TSEKE BTAA
PO Box 717
MAWSON ACT 2617

PAGIGING MIYEMBRO

Upang maging miyembro,
magpa-suscribe on-line, o sa
telepono 1800 857 221.

Ang Brain Tumour Alliance Australia ay isang boluntaryong organisasyon na nangangalaga sa mga pasyenteng may tumor sa utak, ang kanilang mga pamilya at tagapag-alaga.

Ang aming misyon ay:

SUMUPORTA

MAGBIGAY NG IMPORMASYON

MAG-UGNAY

KUMATAWAN



Ang Brain Tumour Alliance Australia (Alyansa ng Tumor sa Utak sa Australya) ay ang iyong pambansang organisasyon ng suporta at pagtatanggol.

Tumutulong kami sa mga pasyente, pamilya at tagapag-alaga sa pamamagitan ng aming mga suportang serbisyo at mga network, mga lathalain at mga pulong, at kami ay kakatawan sa iyong mga alalahanin at pangangailangan.



BTAA.org.au

Suportang Linya 1800 857 221

"Makipag-usap sa isang tao na nakakaalam kung paano maglakbay sa buhay ang isang may tumor sa utak"

TUNGKOL SA BTAA

Ang Brain Tumour Alliance Australia (BTAA, Alyansa ng Tumor sa Utak sa Australya) ay hindi pinagkakakitaang organisasyon na pinatatakbo ng mga boluntaryo.



Sinusuportahan namin ang lahat ng mga Australyanong naapektuhan ng tumor sa utak sa pamamagitan ng aming mga serbisyo, mga sangguniang impormasyon at mga proyekto.

Ang masuri na may tumor sa utak ay napakalaking hamon para sa tao na nasuring mayroon nito at sa kaniyang pamilya at iba pang mga suporta.

Kadalasan ay makakaramdam ng pagkagapi, pagkalito at pag-iisa. Ang BTAA ay narito upang tulungan ka at ang iyong pamilya.

Kontakin ang BTAA ngayon upang tumanggap ng

- Suporta sa telepono
- Isang pakete ng libreng impormasyon, pambata at pangmatanda
- Mahahawakang kopya (hard copy) at elektronikong mga pahayagan
- Mga update ng e-news sa Australya
- Impormasyon tungkol sa suportang grupo na malapit sa inyo
- Isang kopya ng International Brain Tumour Alliance (IBTA, Internasyonal na Alyansa ng Tumor sa Utak) na taunang magasin at kanilang regular na mga update sa e-news

ANO ANG GINAGAWA NAMIN

SUMUPOORTA

Kami ay nagbibigay ng suporta sa mga pasyente, mga tagapag-alaga at kanilang mga pamilya. Ang 1800 857 221 (libreng tawag) na serbisyo ay makukuha 7 araw sa isang linggo.

MAGBIGAY NG IMPORMASYON

Nagbubuo kami at namamahagi ng maaasahang impormasyon sa iba't ibang anyo.

Ang impormasyong ito ay maaaring tumulong sa mga desisyon tungkol sa pangangalaga at paggamot.

MAG-UGNAY

Inuugnay namin ang mga tao at mga organisasyon sa komunidad ng tumor sa utak, pinalalakas ang mga alyansa ng suportang grupo ng pasyente.

Ang kolaborasyong ito ang susi sa paghahatid ng pare-parehong mga mensahe sa iba't ibang mga grupo ng konsyumer sa kalusugan at komunidad ng tumor sa utak.

KUMATAWAN

Kami ay kumakatawan sa mga pasyenteng may tumor sa utak, kanilang mga pamilya at tagapag-alaga, at nagtataguyod ng kanilang kapakanan.

Ginagawa namin ito sa pamamagitan ng aming pakikilahok sa maraming mga organisasyon na nakatuon sa pinabuting pangangalaga ng kalusugan at pananaliksik.

SUMUPOORTA SA BTAA

Nanghihikayat at mainit na tinatanggap ng BTAA ang mga bagong miyembro.

Mangyaring pag-isipan ang pagiging kasangkot dahil kailangan namin ang iyong tulong upang dagdagan ang kamalayan at patuloy na magbigay ng suporta at pangangalaga.

Maraming paraan upang suportahan ang BTAA, kabilang ang:

- Pagiging miyembro
- Pagsasaayos ng mga kaganapan sa pangangalap ng pondo
- Mga direktang donasyon
- Pagdagdag sa kamalayan sa pamamagitan ng pamamahagi ng mga polyeto at mga laso
- Pagpili sa BTAA para sa Everyday Hero (Pang-araw-araw na Bayani)
- Pagsali sa 'Walk Around the World for Brain Tumours' ('Maglakad sa Buong Mundo para sa mga Tumor sa Utak')
- Pag-aambag sa isang programa ng pagbibigay sa lugar ng trabaho
- Donasyon sa Pagpapalibing o Memoryal

Ang BTAA ay isang rehistradong kawang-gawa. Lahat ng mga donasyon na mahigit sa \$2 ay maibabawas sa buwis (tax deductible).

SUPPORTANG LINYA 1800 857 221

EMAIL bttaa@shout.org.au